

AUSLÄNDER

mga danas sa Alemanya

FAKE IT TILL YOU MAKE IT

Unang araw bilang *caregiver* sa Germany nagtutubig ang mga palad ko. Salat ako sa karanasan sa pag-aalaga ng matanda at bago pa lang ako nag-aaral ng wikang Aleman, sino ang hindi kakabahan? Sabi sa 'kin ni Arlene, "Laksan mo lang loob mo, *babe*, kaya mo 'yan. Kung hindi mo alam, *ask then*."

Hamon sa akin ang trabaho lalong-lalo na ang wika. Paano ko tatanungin ang katrabaho kong Aleman kung hindi ko alam kung pa'no itatanong sa kaniyang wika? Panay tango lang ako, naalala ko nun.

Pagdating ko sa trabaho ay agad kong hinanap ang *coffee machine*. Narinig ko sa kuwentuhan ng mga kaibigang nars na nagkakape sila tuwing umaga habang nag-u-*übergabe*. Dito iniuulat ng mga panggabi ang mga nangyari sa mga papasok sa umaga. Mabagal ang lakad ko papasok ng *meeting room*. Dinig ko ang mga boses nila. Nakakataranta. Pagpasok ko, nginitian ko sila at binati, "*Guten Morgen!*" Nakatitig silang lahat sa 'kin. Kahit anong mangyari, ayokong ipakitang kaya nila akong kainin nang buhay.

Saglit lang at nagsimula na ang *übergabe*. Sa puntong 'yun, naitanong ko sa aking sarili kung tama bang nandito ako. Kaya ko ba ang gagawin ko? Piga ko ang utak ko na maintindihan ang pinag-uusapan nila sa wikang Aleman, pero kahit konteksto man lang

ay bigo ako. Nang tumayo sila ay tumayo na rin ako. Kaniya-kaniya silang punta sa kani-kanilang mga gawain. 'Yung iba nagyosi. 'Yung isa umupo sa *computer*. Wala man lang nagsabi sa 'kin kung ano ang gagawin. Gusto ko sanang sabihin, “*Hello*, tao po ako!”

Kaya ang ginawa ko, tinawagan ko si Arlene, “*Babe*, anong gagawin ko? Wala naman nagtuturo sa 'kin dito, e.” Payo niya, isa-isahin ko raw ang mga kuwarto ng mga pasyente. Linisan ko isa-isa. Palitan ang kanilang mga *diaper*. Palitan ng malinis na damit at dalhin sa lamesa para sa kanilang agahan.

Sa ganitong pagkakataon, ikaw lang talaga ang tutulong sa sarili mo. Sa pagkakataong walang magtuturo sa 'yo, lalabas at lalabas ang pontensiyal mo.

Sabihin mo nagyayabang ako ha, pero sa tuwing binabalikan ko nabibilib ako sa sarili ko. Bakit? 'Yung matandang hindi na nakakatayo na triple ang bigat sa 'kin ay naililipat ko galing sa kaniyang kama patungong *wheelchair*. Ang lakas ko, 'di ba? Pero hindi, kaba ang tawag dun. Dalawang linggo na yata ako nun nang malaman ni Arlene ang ginagawa ko. Sabi niya, “Bakit mo binubuhat mag-isa si Frau Gertisch? Hindi mo ba alam tatlo nagbubuhat sa kaniya? 'Yung likod mo, Noel, naku!” Simula nang malaman ko 'yun hindi ko na muling mabuhat nang mag-isa si Frau Gertisch.

Nagpapatulong na 'ko sa iba. Noong nasa BPO pa ako, isa sa mga palaging ipinapayo sa amin ay *fake it till you make it*. Hindi ko kuha kung anong ibig sabihin nito. Magpapanggap ba akong ibang tao? Magpanggap na may alam kahit wala naman? Totoo naman, nagpanggap akong marunong magbutingting kahit binabasa lang naman talaga ang step by step instructions ng *internet troubleshooting* sa aking *computer screen* (na makikita rin naman ng *customer* sa sarili niyang *manual*). Nilagyan ko lang ng konting

drama na kunwari nahahirapan ako sa pag-aayos ng kaniyang *connection*. Tuwang-tuwa naman tuwing nasusolusyunan ko ang kanilang mga problema.

Sa isang tagpo naman na may tumawag kung paano i-turn on ang kaniyang *Motorolla Razr* na noon ay *luxury phone*.

“*Mr. Brown, what color do you have?*”

“*I’ve got the black one.*”

“*That’s cool, mine is red. Let me turn this off, so we can turn on our phone together.*”

Lang ‘ya, *Nokia 3210* lang talaga ang *cellphone* ko na may 30 pesos *load*. Pudpod na nga ang *keypad* kaka-unli register.

Isang beses ay naimbitahan ako. Sagot ko sa nag- imbita sa akin, “Hindi po ako nag-*i-spoken poetry*, *ma’am*, may kakilala po ako *forward* ko po sa inyo ang *FB account*.”

“Hindi po kayo mag-*spoken poetry*, kahit mag-talk lang po kayo sa mga sinusulat niyo.”

Pagdating ko dun, “Kayo po ang susunod, sir, mag-*spoken poetry*.” Para akong binuhusan ng malamig na tubig. *Journalism* ang *topic* ng *event* tapos *spoken poetry*? Madaming tao, *University Week* pala nila. Hinuhuli ko ng tingin ‘yung titser na kausap ko, parang gusto kong kutusan, *one-time* lang. Sinabi ko na ngang hindi ako nag-*i-spoken-spoken* na ‘yan, e. Wala na ‘kong nagawa, imbento-imbento na lang. Nakakatawa gagi. Tuwing naaalala ko, hiya pa rin ako hanggang ngayon. Napasubo na, e. May magagawa pa ba ‘ko? *Confident* pa rin naman kahit mukhang tanga. At ‘yan ang ayaw ko, ‘yung tanga tapos *confident* pa, nakakamatay kaya ‘yun. Masama pa dun, nagpalakpakan pa

ang mga manonood pagkatapos. Ewan ko ba, nilagyan ko lang ng sakit-sakit at puso-
puso sumaya naman sila.

Sa tingin ko lang ha, sa atin lang dalawa, kinursunada ako ng titser dahil wala akong
talent fee. Nag-*cost cutting* ata. Pagkatapos nun hindi ako lumabas ng bahay, mga isang
linggo.

Si Chaka Doll naman palagi ang kasama ko araw-araw. Chaka Doll ang tawag ng mga
Pilipinong *nurse* kay Glenda. Kahit anong gawin ko hindi ko siya maintindihan. Kahit nang
umalis na 'ko sa Altenheim, hindi pa rin kami nagkakaintindihan. Nagkakaunawaan kami
minsan tuwing may iniuutos siya at minumwestra ng kaniyang kamay. Linisin ko raw ang
sugat sa binti ng pasyente sa *Room 102*, at pagkatapos palitan ko ng bagong benda.
Huling nagbenda ako ay noong *Boy Scout summer camp* sa elementarya, kahit hindi ko
alam. Tango lang ako. Lahat ng utos niya ja lang ako nang ja. Ibig sabihin ng ja sa Aleman
ay yes. Oo lang ako nang oo. Kaya siguro paborito niya 'kong utusan. Sa lahat ng utos
niya, aprub naman siya nang aprub. Hindi ko alam pa'no ko nagagawa. Pinipeke ko lang.
May pagkakataong nagalit siya. Pinabubukas niya ang *sauerstoff* ng isang pasyente. Dun
niya 'ko nahuling nagpapanggap lang. Pinagalitan ako ng pasyente, ano raw ang
ginagawa ko. Bakit hindi ko raw mabuksan ang oxygen niya. Ano raw ba ang pinipindot
ko. Sabi niya, "*Denkst du! Denkst du!*" Nagpanting ang tainga ko. Parang gusto kong
itulak 'yung matanda sa kinahihigaan niya. Kumbaga sa 'tin, "Gamitin mo kaya ang utak
mo!" Kahit ayaw ko, tinawagan ko si Chaka Doll gamit ang aming radyo, "*Hallo, kannst
du mir bitte helfen?*"

"*Mit was?*"

“Mit Sauerkraut.”

Tinuruan niya 'ko. Ang haba-haba ng sinabi niya at dahil mahina ako sa Deutsch, hindi ko maintindihan.

Tinanong ako ni Chaka Doll bago siya umalis, *“Hast du verstanden?”*

Naintindihan ko raw ba? Sumagot ako, *“Ja.”*

Kinalikot ko na naman. Lalong nagalit 'yung matanda. Malakas na ang boses,

“DENKST DU!”

Ginawa ko ang lahat. Suko na 'ko. Labag man sa loob ko ay tinawagan ko uli si Chaka Doll.

“Hallo, entschuldigung, ich weiß nicht Sauerkraut open ahhhmm . . . turn on.”

Dinig ko ang lakad ni Chaka Doll, mabigat ang mga paa. Padabog niyang pinagpipindot ang *breathing machine*.

Tumingin siya sa 'kin, pinagagalitan ako. *Tag team* pa sila nung pasyente. May sinasabi si Chaka Doll, *sauerkraut* daw tapos *sauerstoff*. Hindi ko maintindihan.

Pagkauwi ng bahay sabi ni Arlene, “Pinagalitan ka ni Chaka Doll, 'no?” 'Yung tanong niya parang nang-aasar. Nag-message si Chaka Doll sa kaniya, mag-aral daw akong mag-Deutsch. At kung hindi ko alam huwag ko raw sabihing alam ko, maaari ko namang sabihing hindi ko alam.

Galit-galitan ako sa bahay, mataas ang boses ko, “Malay ko ba dun sa *sauerkraut*, bakit kasi ang daming pinipindot!”

Dagdag pa ni Arlene, natatawa raw sa akin si Chaka Doll dahil *sauerkraut* ako nang *sauerkraut*. Ipinakita sa akin ni Arlene ang *sauerkraut*.

“Babe, ito ang *sauerkraut*, ito naman ang *sauerstoff*.”

Atsara pala ang *sauerkraut* at *oxygen machine* naman ang *sauerstoff*. Malay ko ba. Katagalan, pakitang gilasp ako kay Chaka Doll. Gusto ko mapansin niyang gumagaling na 'ko mag-Deutsch.

Pina-*practice* ko ang aking Deutsch kay Herr Bader tuwing nililinis ko siya. Siya 'yung pasyente namin na may malaking betlog. Masaya ako sa taong 'yun dahil palaging nakangiti sa 'kin at magaan kakuwentuhan.

Kakatok ako sa pinto niya, “*Guten Morgen Herr Bader!*”

“*Guten Morgen!*”

Tatanungin ko kung maayos ba ang tulog niya.

“*Haben Sie gut geschlafen?*”

Sasagot naman siya, “*Ja!*”

“*Haben Sie gut geträumt?*”

Oo naman daw, maganda naman ang panaginip niya. Walang palya 'yun, tuwing umaga may malaking tae sa diaper niya. Parang tae ng kalabaw sa bukid.

Bago ko linisan, tatanungin ko muna kung dumumi na siya kahit amoy ko namang meron. “*Bist du Stuhl?*” Tatango naman siya nang nakangiti.

Araw-araw 'yun, “*Bist du Stuhl?*” Pakiramdam ko tuwing kausap ko si Herr Bader ang

galing-galing kong mag-Deutsch. Narinig ni Rochel, kasama kong Pinay. Tawa nang tawa. Pumasok siya sa kuwarto ni Herr Bader.

“Anong *bist du stuhl*? Kapag narinig ka na naman ni Chaka Doll pagagalitan ka na naman nun.”

“E bakit, tinatanong ko lang naman kung umuu na siya.”

“Mali kasi. Ang ‘bist du stuhl’ ang ibig sabihin nun, tae ka ba?”

Nakatitig lang sa aming dalawa ’yung matanda habang pinupuno namin ng halakhak ang buong kuwarto.

MAY NALISAN

Kahapon, unang beses kong mamatayan ng pasyente. Ibong dumapo sa akin ang mga alaala ko nina Lolo Mike at Lolo David na naikuwento ko sa isa kong libro.

Ang kasama kong *nurse* na Pinay, eh, *first time* din niya. Dalawa kaming hindi alam ang gagawin. Bago pa man ito, sinabi na sa akin ni Arlene na pinabisita na ang mga kamag- anak ni Frau Zimmerman. Parang nagpapaalam na ang mga kamag-anak sa matanda. Inihahanda na. Binigyan din daw nila ng *morphine*. Nagulat ako.

“*Morphine*? Pangmalakasan ’yun ha, pang-*cancer*,” sabi ko.

Lumobo raw kasi ang pigi ni Frau Zimmerman at pumutok. Naglabasan ang tubig na naipon. Ihi raw ’yon sabi ni Arlene na naimbak sa pigi, ’yung parteng malapit sa pekpek. Kaya nong pinakain ko siya isang araw, eh, ang baho-baho ng buong kuwarto. Binuksan ko na lang ang bintana.

Hindi ko makalimutan 'yung matandang 'yun. Isa siya sa mga inalagaan ko noong unang araw ko sa trabaho. Hindi na rin siya nakakatayo nun, maghapon na lang na nakahiga. Tinuruan ako ng isang nurse na Aleman; hindi ko man maintindihan ang sinasabi niya ay ipinakita naman niya sa galaw. Tuwing umaga raw, ang almusal ni Frau Zimmerman ay tinapay at isasawsaw sa kape. Bigyan din daw siya ng tsokolate. Palagi itong hinihingi ni Frau Zimmerman, "*Schokolade, Schokolade, eine Schokolade.*" Sa ilalim ng kabinet niya nakalagay ang mga tsokolate. Iba't ibang klase. Kung minsan, nakakatuksong kumuha.

Kuwento ni Arlene, dati raw maayos pa si Frau Zimmerman, nakakalakad, at nakakausap. Naikuwento pa nga niya rito na kukunin niya ang kaniyang pamilya. Sabi pa ni Frau Zimmerman na 'pag nakuha na kami at nasa Germany na si Isla ay dalhin sa kaniya at bibigyan niya ito ng tsokolate. Hindi na rin nangyari. Nahulog kasi isang beses si Frau Zimmerman. Dinala sa ospital. Pagkatapos ng halos isang buwan, bumalik, lantang gulay na.

"Mataba dati 'yun, *babe*, nagulat nga 'ko pagbalik ang payat-payat," sabi ni Arlene.

Kaya nung unang araw ko, laking kaba ko dahil nakakatakot na siyang galawin. Parang konting maling hakbang mo lang ay ikaw pa ang dahilan ng kaniyang pagkatigok.

Kung isang ordinaryong matandang Pilipino lang si Frau Zimmerman, malamang, matagal na 'yung patay. Hindi na makakabalik. May mga pera lang naman ang humahaba ang buhay. Mahal kasi ang mga gamot. Nakakapanghinayang nga, eh, dahil kanina nakita kong inilalagay sa karton ang mga gamot niya. Itatapon na raw. Sa isip-isip ko, tang'na sayang, ibigay niyo na lang sa Pilipinas. Ang daming nangangailangan. Ang

mamahal pa naman ng mga gamot niya at mamahalin ang mga tatak. Nakakapanghinayang na itatapon lang.

Nang sumabog ang pigi niya, dapat ooperahan pero sabi ng doktor, para saan pa, eh, matanda na. Hindi na rin kakayanin ang operasyon. Dun din naman ang tuloy niya, kamatayan. Nasa 80 plus na yata si Frau Zimmerman.

Kahapon, si Rochel ang kasama ko. Taga-Zamboanga. Marunong mag-Chavacano. Sabi niya, “Noel, malakas pa 'to, itatawid natin hanggang bukas.”

Iba na ang paghinga ni Frau Zimmerman, parang may nakabara sa lalamunan. Parang plema. Eh, hindi pa naman puwedeng basta-basta mag suction sa Germany. Itatawag mo pa sa doktor. At malamang hindi na rin iintindihin, dahil para saan pa nga? Ang ginawa na lang namin ay itinaas ang ulo niya, para hindi naman siya malunod sa sarili niyang plema.

Kinausap ni Rochel, “Frau Zimmerman, *alles gut?*” Tinanong ni Rochel si Frau Zimmerman kung okay pa ba siya.

Hindi sumagot.

Ako naman, “*Möchten Sie eine stück Schokolade essen?*” Tinanong ko naman kung gusto ba niya ng tsokolate.

Hindi pa rin sumagot. Hingang malalim lang na may kasamang plema.

Check kami ng *blood pressure*.

Si Rochel, “Huwag lang talaga mamatay sa 'tin 'to dahil mato-*toxic* tayo.”

Ngiti lang ako.

Maya-maya ay binalikan namin si Frau Zimmerman, sa loob ko, parang ang tahimik ata. Pagsilip namin, parang hindi na humihinga pero nakadilat. Hindi ko naman alam, parang tanga, biglang tumayo balahibo ko at nagtakbuhan kaming dalawa ni Rochel palabas ng kuwarto.

“Gago ka, Noel, natakot ako. Balikan natin, patay na ata.”

Hindi ako sumagot. Tumatawa lang ako pero ang totoo kinakabahan ako. Kumuha ako ng *gloves* at binalikan namin.

Pagbalik. Sinilip uli namin. Tiningnan ang pulso. Wala nang pulso.

Nagkatinginan kaming dalawa ni Rochel. Mata sa mata.

’Yung oras na ’yun, isa lang ang naramdaman ko. Dun ko lang naramdaman ang kakaibang katahimikan. Hindi maipaliwanag. Naririnig mo ang mga ibon sa labas. Naririnig mo ang palabas sa *TV*. Ang daldalan ng mga tao. Pero may kung anong katahimikan. Na kahit maingay ay ang tahi-tahimik.

Bulong ko sa sarili, “May nalisán.”

FLEISIG

Sanayan lang araw-araw. Nakasanayan ko na rin ang mga gawain. Paulit-ulit lang naman din. Sa umaga gigising ako ng alas-singko, maliligo o kung minsan hindi na, punas-punas na lang solb na. Kahit kasi may heater ang tubig namin nakakatamad maligo. Lalo na ngayon nabagsak ang yelo, dahilan kaya hindi ako pinagpapawisan. Hindi kagaya sa ’tin, hindi ka pa nalabas ng bahay ay malagkit ka pa sa kakanin. Wala, eh,

gano'n talaga. Gaya ng tirahan namin sa Cavite, akala mo nakatirik sa tumbong ni Satanas, hindi ka pa naliligo, eh, para ka nang nag-*swimming*.

Sa 'kin naman nilalakad ko lang. Sampu o kinse minutos na lakaran mula sa 'ming tinitirhan patungong Altenheim. Alas-sais ang simula ng trabaho ko pero napasok ako nang maaga dahil mas gusto kong nauuna. Kape-kape muna, *relax-relax* lang, *chill*, pagkatapos ng *übergabe* bakbakan na. Simula agad ako ng trabaho kaya sabi sa 'min masipag daw ang mga Pinoy. Dun ko unang narinig ang salitang "*Fleißig*." Masipag. Sabi sa 'kin ni Chaka Doll, "*Du bist Fleißig, sehr gut*."

Pa'no nila hindi sasabihin 'yun, eh, palaging nausok ang kanilang mga bunganga't mga ilong. Bago pumasok ng trabaho, yosi. Bago magtrabaho, yosi. *After an hour*, yosi. Napagod nang kaunti, yosi. Mas madalas ko pa silang makitang nagyoyosi kaysa nagtatrabaho. Sa BPO, lakas ko rin magsuba. Tuwing *break*, o may oras ay magyoyosi ako. Mataas kasi ang *stress levels* sa BPO. Ikaw ba naman magtrabaho sa gabi at ayusin ang problema ng mga *customer* na kadalasan kapabayaang din naman ng kompanyang nire-*represent* mo ay talagang maii-*stress* ka.

Kung minsan naisip ko baka iniisahan kami ng mga 'to o baka naman mahilig lang talaga silang manigarilyo. Dahil malamig sa kanila? O baka dahil *stressful* din talaga ang mag-alaga ng matanda. Pansin ko pa nga, konting *toxic* sa trabaho nakakunot na ang mga noo. 'Yung kunot-noo na tila pasan nila ang bigat ng mundo. Kaya sa tuwing sila'y may kasamang Pinoy nagaan ang trabaho nila. Huwag lang nila makakasabay asawa ko. Aleman ka man o kagaya naming *Ausländer*, pantay dapat ang trabaho. Parehas lang tayong pinapasuweldo. 'Yung iba, kahit sobra na ang gawain hindi nagsasalita, basta walang kaaway, walang kagalit, ayos na sa kanila.

Sabi ni Arlene habang papasok kami sa isang *restaurant*,

“Ngiti-ngiti ka diyan, sinong nginingitian mo?”

“Yung katrabaho natin, si Fiona, nakita ko.”

Hindi ko na maalala kung sino ang nagpakana na tawagin namin siyang Tiya Pusit. Matangkad na babae, malaki ang pangangatawan at pansinin ang mga *tattoo* lalo na ang malaking mata sa kaniyang dibdib. Mayroon din siyang hikaw sa ilong na karamihan ng mga babae sa lugar namin kung hindi hikaw sa ilong ay may hikaw sa kilay.

“Nagkatarayan kami niyan dati, *babe*,” sabi ni Arlene.

Sagot ko, “Mabait naman, ah, nakakabiruan ko nga ’yan.”

Kay Tiya Pusit kasi ako madalas magpatulong na maglipat ng mga malalaking pasyente sa kanilang *wheelchair*. Turo niya, gamitin ko palagi ang lakas ng aking mga binti at mga paa at huwag ang likuran.

Baka kaya mabait sa 'kin si Tiya Pusit ay dahil alam na asawa ko si Arlene.

Noong una, pinagbibigyan ni Arlene si Tiya Pusit. Napapansin niya kasi na ginugulangan siya nito. Gagawa si Tiya Pusit ng dalawa o tatlong pasyente pagkatapos uupo na sa hardin, kakape, naka-*cellphone*, nagyoyosi. Isang beses kinumpronta niya. “Tapos ka na? Baka gusto mo 'kong tulungan sa iba, marami pa akong gagawin.” Nagulat si Tiya Pusit, diretso mag-Deutsch si Arlene. Agad tumayo at nagtrabaho.

Alam mo, ang tao, kung minsan mapang-abuso, inaabuso natin ang kasipagan ng tao. Tayo namang mga Pinoy, nalaban dahil ayaw natin nang nalalamangan. Bakit ka matatakot lumaban kung nasa tama ka naman?

May isang pangyayari, tinanong kung sino ang gumawa sa pasyenteng may *dementia*. Hindi maayos ang pagkakahiga, delikado ang puwesto niya sa kama, at konting galaw puwedeng mahulog. Ang diaper na may tae iniwanan lang sa sahig at may mga tulo ng dumi ng tao sa sahig. Ang baho ng kuwarto. Ang panghi ng matanda. Hindi rin pinalitan ng pantulog. Hindi man lang din kinumutan. Binalahura ang paggawa. Pag-uwi ni Arlene,

“Ikaw ba gumawa kay Frau Fischer?”

“Hindi, bakit?”

“Sabi nung isa, ikaw raw?”

“*Babe*, alam mo ang trabaho 'ko, alam mo ang alaga ko sa mga matatanda, bakit ko gagawin 'yun?”

Galit na galit si Arlene.

Kinabukasan, sa mahinahon kong salita ay kinausap ko 'yung katrabaho kong Aleman. Sabi ko sa kasama kong Pinay, “Samahan mo 'ko, kakausapin ko si Ana.”

Sa baliko kong Deutsch nagkaintindihan kami. Itinuro ko siya, “*Du . . .*”

Pinapanood kami ng iba. Nakikiusi.

“*Was*”

“*Du macht Frau Fischer gestern, ja?*”

Nanginginig siyang sumagot, “*Ja, habe ich ihr gemacht. . .*”

Oo, siya ang gumawa sa matanda kahapon. Tinanong ko kung bakit niya sinabing ako ang may gawa nun, mata sa mata, "*Ahm . . . warum du sagt . . . ahm . . . ich mache Frau Fischer?*"

Namula ang mukha ni Ana. Kita ko sa mga mata ang luha. Nanginginig. Agad kong hinawakan ang braso niya at niyakap ko siya. Idinampi ko nang marahan ang labi ko sa ulo niya, "*Das okay, alles gut.*"

Nag-sorry siya sa 'kin pagkatapos.

"Sinungaling talaga 'yung babaeng 'yun, *Lügnerin* talaga!" Galit na galit si Arlene.

Hiyang-hiya si Arlene sa *meeting* dahil ako ang *topic* ng mga tao. Bakit daw gano'n ang trabaho ko? Bakit ko raw ginawa 'yun sa matanda? Sinabihan pa siya na pagsabihan ako at 'pag ginawa ko uli ay tatanggalin ako sa trabaho.

"Alam mo, *babe*, kinausap ko pa 'yan si Ana pagkatapos ng *meeting* sabi ko pasensiya ka na kay Noel ha, hindi pa kasi siya marunong."

Sabi ko, "Hayaan mo na 'yun, basta alam na nila hindi ako 'yun."

Naiintindihan ko si Ana. Alam ko ang katayuan niya. Eh, pa'no ba naman 'yung may mataas na katungkulan ang nakakita sa matanda. Kahit siguro ako ang nasa posisyon ni Ana, magsisinungaling ako at maiihi pa.

Kausap ko ang may-ari ng isang *recruitment agency*, sabi niya sa 'kin, "*You know what, Noel, Filipinos are hardworking and brave, they have a lot of opportunities here in Germany if they want to. There is a lot of work here; the problem is the language. German*

is really hard to learn. If you will work here, you should know the language. How will you defend yourself, right? You will surely be abused under your contract.”

Tama siya, paano mo nga naman ilalaban ang sariling karapatan. Kahit sa atin na lang, sa bansa natin, huwag na tayong lumayo, maraming mga manggagawa natin ang hindi alam ang kanilang karapatan. Ang nangyayari, naaabuso, inaabuso. Maraming kuwento ang naisulat tungkol diyan. Naibalita at hanggang ngayon patuloy nilang inilalaban. Sa anong wika ba nakasulat ang Karapatan nating mga Pilipino?

Kinabukasan, ipinatawag si Ana at kinausap. Masaya naman akong hindi siya tinanggal. Simula nun, palagi siyang may ngiti tuwing nagkakasalubong kaming dalawa.

KABAYAN, PINOY PA RIN

Pagpasok namin ni Ser Tunying sa elevator ay nagpasalamat siya sa akin. Salamat daw sa pagsama ko sa kaniya dahil hindi niya kabisado ang pasikot-sikot dito sa Düsseldorf. Kalilipat lang niya rito galing Milan. Kaya pagkatapos namin isara ang *restaurant* ay pinakiusapan niya akong samahan siya sa isang *birthday*-han.

Inimbitahan siya ng isang kaibigang Pinoy na nakilala lang din niya sa Düsseldorf nang minsang naglibot-libot siya. At kagaya ko, sa isang kakilala ko lang din nakilala si Ser Tunying.

Isang katrabaho ni Arlene sa ospital ang nagbalitang mayroon silang nakilalang Pinoy na naghahanap ng mga tatao sa bagong restaurant na bubuksan. Maluwag na uli ang

lockdown sa Düsseldorf. Ibinigay sa akin ang *number*. Agad ko namang tinawagan. Nang araw na 'yun, nakilala ko si Ser Tunying.

Pagbukas ng *elevator* ay sinalubong kami, “Oh, bakit ngayon lang kayo? Kanina pa kami nagsimula.” Agad kong napansin ang pamilyar na ingay, tawanan, at alingawngaw ng mikropono. Dama mong may Pinoy na nakatira. May nagbi-*videoke*.

Sagot naman ni Ser Tunying sa kaniyang punto, “Eh, ang daming *customer* kaya napagab-eh kami.” Itinuro niya ako, “Iyan si Noel, katrabaho ko, sinamahan ako pumarine.”

Ngumiti sa akin ang babae at ikinumpas-kumpas ang kaniyang kamay, “Pasok kayo, kumain, ang dami kong niluto.”

Malaki ang bahay na napuntahan namin. Malaki rin kasi ang pamilya. Isa-isa kaming ipinakilala sa kaniyang mga anak. Biro niya, “Huwag na kayong umasa sa mga 'yan na maintindihan kayo. Dito na lumaki ang mga 'yan, hindi na marunong mag-Tagalog.”

Ngumiti ako at bumati, “*Happy birthday* nga po pala, Tita.”

“Ay salamat, pero hindi ako ang may *birthday*, itong asawa kong makulit.”

Tinawag niya ang kaniyang asawa, “Makulit na 'yan kasi lasing na.”

Nagsilabasan ang mga Pinoy na nasa kusina. Kinumusta kami at nakipagkamay. Ang iba sa kanila ay nakapangasawa na ng Aleman. Habang nakikipagkamay ay napansin ko ang mga nakasilip na mga kabataan sa isang kuwarto kung saan nanggagaling ang kantahan.

Napagtanto ko, mayroon palang komunidad ng mga Pinoy rito. Akala ko noon ay kakaunti lang ang mga Pinoy sa Düsseldorf.

“Taga sa’n ka sa atin?”

“Sa Cavite po ako pero nang makapag-asawa sa Parañaque po ako tumira.”

“Ay may asawa ka na?”

“Opo, *nurse* po, kaya po ako nakuha rito.”

“Ang galing naman.”

Si Ser Tunying, pinaikot-ikot sa mga kuwarto. Narinig ko ang sabi, “Oh, ito si Tunying, *single, chef sa sushi-han, kakanta ’to mamaya.*” Lumapit naman sa akin ang may *birthday.* Binati ko, “*Happy birthday.*” Dahil nakainom ay nakainom na rin kung magkuwento. Pinaupo niya ako at binigyan ng *beer.* Sabi niya, “*This is alt beer, the best beer in Düsseldorf.*” Akala niya siguro hindi ko alam. Sabi ko naman pagkatapos lumagok, “*It’s good, I like it.*” Mukha naman siyang natuwa sa sinabi ko. Nagsalita uli siya, “*When I came here, I was one of the first Asians in Düsseldorf; that was in the 90s.*”

Tumango ako.

“*I’m Chinese, my wife is Filipina. I met her here, and our life is hard...*”

“Huwag mo nang intindihin ’yan lasing na . . .” singit ng asawa.

Tanong ko naman, “Mabuti po pinayagan kayo mag-ingay dito, eh, ’di ba bawal po?”

“Matagal na kasi kami dito, ’yung mga kapitbahay namin wala pa rito ay nandito na kami.”

Naparami kami ng kain ni Ser Tunying. Masarap ang pagkagaluto ng mga pagkain. Naalala ko ang mga handa tuwing may kasiyahan sa Pinas. Kahit saglit man lang ay naramdaman ko muli ang bansa. Pagkatapos ng ilang beer at konting kuwentuhan ay nagpaalam na 'ko. Nagpaiwan si Ser Tunying. Mukhang wili sa kausap niyang babae. Natuwa naman ako sa mga dala kong pagkain na iniabot sa 'kin.

“Heto, oh, ipinagbalot kita, iuwi mo sa asawa mo.”

Pagkatapos kong magpaalam ay tinawagan ko si Arlene.

“Babe, pauwi na ako. May pasalubong ako sa 'yo, matutuwa ka.”

WIKANG HUMUHUNING IBON

Nagugulat sila kapag nalamang hindi *English* ang unang wika natin. Ano raw 'yung Tagalog? Ano raw 'yung Filipino? Ang buong akala nila ay Ingles ang salita natin sa Piipinas. Ibinida ko pa nga na marami tayong wika. Manghang- mangha sila. Eh, bakit daw puro Ingles ang nakikita nila 'pag tungkol sa Pinas? At halos lahat sa 'tin, kapag nakikipag- usap, Ingles ang gamit? Ganito rin ang tanong sa 'kin ng kakilalang Koreano, pati raw sa tindahan, Ingles ang gamit; halimbawa, *ice for sale*. Palaging sagot ni Arlene na bata pa lang tayo, Ingles na ang gamit sa ating *textbooks*.

Dito kasi sa kanila, mahalaga ang wika. Kahit sa'n ka tumingin, lahat ay nakasulat sa *Deutsch*. Galit pa ang iba 'pag kinausap mo sa wikang Ingles. May *mentality* silang nasa bansa ka namin, ikaw ang mag-*adjust*. Kaya nga bago makapagtrabaho dito o maging

migrante ay kailangang aralin ang kanilang wika. Hindi lang basta aral kundi kailangang pumasa.

May iba't ibang baitang ang wika dito depende sa dahilan ba't ka nandito. Kung *professional* ka, kailangan mong kumuha hanggang B2 (*level 4*). Kung may asawa ka namang Aleman o ang asawa mo ay nagtatrabaho sa Germany, kailangan mong kumuha ng A1 (*level 1*). Ang pinakamataas ay C2 (*level 6*) na para sa mga PhD, manunulat, at mga mamamahayag.

Sabi ko kay Arlene, “Kasi naman, *babe*, mahirap na bansa tayo, hindi gaya nila na nag-aaral ng ibang wika dahil gusto nila. *Trip* lang ba.”

Sa araw ng *exam*, sa *Goethe Institute* sa Makati, may nakasabay akong dalawang babae na parehong may asawang Aleman. Tanong sa 'kin ng isa, “*First time* mo?” Sumagot ako, “Opo.” Galingan ko raw dahil pangatlo na niya 'yon. Galit na nga ang asawa niya dahil sa Malaki na ang gastos. 'Yong isa naman, pangalawang beses na. Kakakasal lang niya sa Singapore noong nakaraang taon. Tapos, ewan ko ba, nagtatawanan pa ang dalawa dahil ilang beses na silang bumagsak.

Bago magsimula, makikita mo ang lahat na tahimik na nagre-*review*. 'Yung iba, parang nagdarasal. Ako, kabadong nakaupo sa gilid.

Isa-isang tinawag ang aming apelyido. Sa loob, makikita ang malaking espasyo ng bawat upuan.

Dalawang bahagi ang hati ng *exam*. Una ay *paper exam* na may tatlong bahagi: *lesen* (pagbabasa), *hören* (pakikinig), at *schreiben* (pagsusulat). Ang bawat hati ay may itinakdang oras.

Tahimik. Seryoso ang lahat sa pagsagot. Sa *writing* ako kinakabahan dahil palagi akong bagsak sa *mock exam*. Nang makita ko ang *schreiben*, palakpak ang mga tainga ko. Dali-dali ko itong sinagutan. Isa 'ko sa mga unang natapos.

Nang pasahan na ng papel, narinig ko sa likuran, "*Please, five more minutes.*" "Patay," sabi ko. Mahigpit sila at hindi siya basta pagbibigyan. Kahit anong hiling ng lalaki, wala siyang nagawa. Paglabas, sabi ko sa kaniya, "Pre, ano'ng nangyari?" liling-iling siya, "Isinulat ko kasi sa *scratch paper* ang *schreiben* ko." Hindi na 'ko nagsalita. Sabay kaming pumasok ng *elevator*.

Pangalawa ang *sprechen* (pagsasalita). Bunutan ng mga litrato at salita. Gagawa kayo ng mga pangungusap: patanong o pautos na kailangang sagutin ng katabi mo. Paikot ang batuhan. Sagot, tanong, sagot.

'Yung dalawang matandang ikinukuwento ko na may asawang Aleman ang kasama ko sa grupo. Lalo talaga akong dinaga. Pa'no kung hindi ko maintindihan ang tanong, ang pangungusap nila? Magkakandaletse-letse kaming tatlo.

Bago sumalang, sinabihan ko sila, sabi ko, "Gamitin na lang po natin 'yong *safe words* at *sentences* para 'di po tayo malito sa pag-*construct*. Ang importante naman po, makapasa at hindi mataas na grado."

Pagkatapos ng *exam*, ch-in-at ko agad si Arlene sa FB, sabi ko palitson na siya at pasado ang asawa niya. Yabang ko raw, wala pa ngang resulta. Sa pag-akyat ng *LRT*, nakita ko uli 'yong lalaking kasabay ko sa *exam*. Babatiin ko sana. Kukumustahin. Kaso mukhang tuliro at panay ang palatak nito.

Tuwing naririnig ng mga Aleman ang mga kababayan natin na nagsasalita sa sarili nating wika ay para raw tayong nag-e-Espanyol. May nagsabi pang para tayong humuhuning ibon. Ipaliliwanag ni Arlene na bago dumating ang mga Amerikano ay sinakop muna tayo ng Espanya sa loob ng halos apat na raang taon (333 years talaga mula 1521 hanggang 1898). Kaya may ilang salita tayo na minana sa mga ito. Ang ganda raw ng wika natin, sabi ng mga Aleman.

Bukod sa Deutsch ay Turkish ang pangalawang sinasalita sa Germany. Dala ito ng mga Turkish na may mahabang kasaysayan sa Germany. Hindi lang wika ang dinala nila, pati na rin ang kanilang kultura, sining, at paniniwalang Muslim. Sabi nga ni Arlene, masarap makipagkaibigan sa mga Turkish dahil karamihan sa kanila ay mababait lalo na 'pag nalamang Pinoy ka. Isipin ko raw na ang Germany ay ang Amerika at ang mga Turkish ay tayong mga Filipino. Nangangarap gumanda ang buhay sa pangingibang-bansa.

Gaya ng mga “Manong” ng California at “Sakada” ng Hawaii, *skilled workers* ang mga Turkish. Pagkatapos ng WW2, 1960s, kinailangan ng Germany ng mga manggagawa na mababang pasuwelduhin. Ang karamihan ay nagtrabaho sa mga paluging industriya ng tabako. Tinawag silang *gastarbeiter* (*guest worker o foreign worker*) na kalaunan ay itinawag na rin sa lahat ng *Ausländer* (kalaunang tawag sa mga foreign worker sa Germany) na nagtatrabaho sa Germany. Natuto ang mga Turkish ng wikang Aleman sa pakikihalubilo. Gayunman, hindi nila nilimot ang sariling wika. Katagalan, naging bahagi na rin sila ng bansa bilang residente. May karapatang bumoto. May karapatang maghayag ng saloobin, sa relihiyon man o politika. At ang malupit: makisalo sa mundo

ng pelikula, panitikan, at musika. Nagkaroon nga ng paghahalo ng kultura lalo na sa pagkain. Sabi nila rito, “*Wir riefen Arbeitskräfte, es kamen Menschen.*”

Sa intindi ko, ang ibig sabihin ay “humingi kami ng tulong, binigyan kami ng lipunan.” Malaki ang pasasalamat ng mga Aleman sa mga Turkish dahil kung wala sila, hindi maitatayong muli ang bansa pagkatapos ng giyera.

Kumain kaming pamilya sa isang Turkish *restaurant*. Pamilyar ang lasa ng pagkain dahil na rin sa mga *stall* ng *kebab* at *shawarma* sa Pinas. Um-order ako ng *schnitzel*, isang pagkaing lokal na may lasang Turk. Kung tatanungin mo ako kung anong hitsura, parang pinitipit na *porkchop* na may matapang na aroma. Kay Arlene naman ay *döner kebab*, mukhang malaking *burger*. Nakapalaman ang karne sa malaking tinapay. ‘Yong tinapay—malambot at malasa na medyo maalat-alat. Tapos ‘yong karne, parang *bacon* na hindi lasang *bacon*. May kasama ring gulay—repolyo, kamatis, at sibuyas. At ang nagpapasarap na puting sarsa.

Pagkatapos naming kumain, naglakad na kami palayo sa resto. “*Entschuldigung! Entschuldigung! Entschuldigung!*” May tumatawag sa aming likuran. Hinahabol kami ng may-ari. Isang malaking lalaking Turkish na medyo may katandaan. Siya ang nag-serve at nagluto ng mga *in-order* namin. Gano’n daw sa Germany, kung sino ang may-ari, siya rin ang empleyado. Mahal kasi ang *labor* dito. Hindi tulad sa Pinas na barya lang. Napatingin sa ‘kin si Arlene. Hawak ko ang lata ng *Coca-Cola*. Dinilatan ako, “Ba’t mo dinala?” Takang-taka ako. Ibinigay ko agad sa may-ari. Nginitian ako at nagpasalamat.

Binabayaran pala ang lata rito. Kung dadalhin mo ang lata sa labas, kailangan mo itong bayaran; kung hindi naman, dapat mong isauli. May *machine* kasi rito kung saan

puwede mong ibalik ang mga lata at botelya ng *mineral water* kapalit ng pera. Humingi ako ng tawad, “*Sorry, tut mir leid, ich habe vergessen.*”

Tawa nang tawa si Arlene. Nakakahiya raw ako. Malay ko ba.

May pinanood akong pelikula, Almanyang pamagat. Tungkol ito sa pang-*one million and one* na Turkish na pumunta sa Germany para magtrabaho. Isa sa mga linya ng pelikula, “*Ein kluger Mann antwortete mal auf die Frage: Wer oder was sind wir? Wir sind die Summe all dessen, was vor uns geschah.*” SALIN: Minsan nang sinagot: Sino o ano tayo? Tayo ang kabuoan ng mga nangyari sa nakaraan.